# Magpigil ka para sa iyo ng dila mo, magkasya ka sa bahay mo, at umiyak ka sa kasalanan mo.

Ayon kay `Uqbah bin `Āmir, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, ano po ang pagkakaligtas?" Nagsabi siya: "Magpigil ka para sa iyo ng dila mo, magkasya ka sa bahay mo, at umiyak ka sa kasalanan mo."
[Tumpak.] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Sa ḥadīth na ito ay nagtanong si `Uqbah bin `Āmir, malugod si Allāh sa kanya, sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungkol sa makapagliligtas sa kanya sa Kabilang-buhay. Ito ay pakay ng bawat Muslim na masigasig para sa Kabilang-buhay niya. Nagsabi sa kanya ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Magpigil ka para sa iyo ng dila mo". Nagpatnubay ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na magpigil siya para sa kanya ng dila niya. Iyon ay dahil sa bigat ng panganib nito at dami ng pinsala nito kaya nag-oobliga ito sa Muslim na magpigil para sa kanya ng dila niya at mabutihin ang pananahimik kaysa sa pagsasalita maliban na lamang sa anumang magdudulot ng pakinabang sa kanya sa Kabilang-buhay. Ang "magkasya ka sa bahay mo" ay nangangahulugang: Mamalagi ang tao sa bahay niya, huwag lumabas mula roon malibang dahil sa isang pangangailangan, at huwag siyang manghinawa sa pananatili roon, bagkus gawin niya ito bilang yamang tinatamasa sapagkat tunay na ito ay isang dahilan sa pagkakaligtas sa kasamaan at tukso. Ang "umiyak ka sa kasalanan mo" ay nangangahulugang: Umiyak ka kung makakaya mo, at kung hindi ay sikapin mong maiyak, habang nagsisisi sa pagsuway mo, at magbalik-loob ka kay Allāh, pagkataas-taas Niya, mula sa masamang nangyari sa iyo sapagkat tunay na si Allāh, pagkataas-taas Niya, ay tumatanggap ng pagbabalik-loob buhat sa mga lingkod niya at nagpapaumanhin sa mga masagwang nagawa.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee